# *Isang Ipinasang Segunda-Manong Balabal*

Kapapasok ko lang kasama ng pastor. Sabi ko. . .Hiniling ko sa kanya kahapon na tawagan ako. At nalaman ko, akin lamang. . .Buong araw, ay walang tawag, at naisip ko, "Buweno, ano kaya ang problema? May isang. . .Napakatahimik ng lahat." At pagkaraan ng ilang sandali, ang daming tawag ni Kapatid na babaing Wood. Nasira ang telepono ko, kaya, kung may sinuman sa inyo na tumawag. Nag-ring 'yung telepono, pero ayaw tumunog roon, kaya ang problema ay naroon sa switchboard. Kinumpuni nila iyon bandang alas-otso na kagabi, o marahil mas maaga ng kaunti bago iyon, at, 'yung telepono, nakakapasok na ngayon ang mga tawag.

2 Nagagalak kami na makaparito sa gawain ngayong umaga. Nagkaroon ako ng grabeng sipon, na kadalasang nakukuha ko sa pag-uwi ko. Lumulusong ka sa niyebe na hanggang sa baywang mo, at natutulog sa labas sa gabi. Huwag isiping malayo 'yun dito, kundi tawirin mo lang ang bundok na iyon doon sa New Albany, ay ang kailangan mo lang gawin, para makarating sa libis na ito, pagkatapos ay sinipon na ako nang matindi. At ito'y isang. . .Hindi ko alam, may bagay sa libis mismo rito na nagpapanatiling mababa rito. At mababa ito, at talagang hindi ito umaayon sa akin.

3 Ngayon, nagagalak kami na makaparito sa iglesya, gaya nga ng sabi ko, at para marinig ang mahal nating butihing pastor na maghain ng kanyang pananalita ng kahilingan para sa atin, at sa Panginoong Jesus. At—at ang marinig, nakakalungkot na marinig na napakaraming maysakit at nangangailangan, at kung paanong naghahasik ng pagkakasakit sa lahat ang diablo.

4 At tumindig ang isang munting binibini tungkol sa kanyang kapatid na babae riyan sa likod, at alam kong si Kapatid na babaeng Sauer diyan ay kasama siya. Pinauwi na ito ng doktor ngayon para mamatay na. At nananampalataya pa rin siya na siya'y gagaling. At nasa malubha siya, napakalubhang kalagayan. Ang biyenan kong babae, ganun din, pitumpung taong gulang na ngayon. Siya ay nasa napakalubhang kalagayan. At talaga namang maraming karamdaman sa buong bansa. At gayunma'y may isang Banal na Espiritu sa buong dako ng bansa, kita n'yo, na nagpapagaling sa ating karamdaman, kung makasumpong lang tayo ng pabor sa Kanya.

5 At ngayon, dahil sa namamaga ang lalamunan ko, hindi pala namamaga, kundi namamalat. At hindi ko sisikaping mangaral,

kundi magsalita lang sa inyo nang sandali mula sa Salita, at saka na dadako sa pananalangin para sa mga maysakit, na ipinangako kong gagawin. Subalit bago lang gawin ito, nais ko lang ipabatid ang ilan pang mga pagtitipon. Ako . . .

6 Sa mga gawain ko ay nagkaroon ako ng para bang kaunting mga pagsasalungatan ng . . . hindi pala pagsasalungatan, kundi kaunting mga di-pagkakaunawaan lang. At kadalasan, ako—wala akong mga mapag-aanunsiyuhan sa gawain ko, gaya—gaya ng mayroon ang marami sa ibang mga kapatid na kalalakihan sa larangan, gaya ng radyo at telebisyon, at mga magasin at iba pa. At sa paggawa niyon, naku, may magsasabi, "Darating dito si Kapatid na Branham." Ngayon ay naianunsiyo ako sa tatlong lugar para sa linggong ito, ngayong araw lang na ito, sa tatlong magkakaibang lugar. Isa doon sa Kentucky, dalawa sa California, sa pagkakaalam ko. At wala kang magagawa tungkol rito, 'pagkat wala na akong iba pang opisyal na mapag-aanunsiyuhan, kaya nagiging medyo mahirap.

7 At, oo, kung mangyaring may tagaroon sa dako ng Madisonville, Kentucky, rito. Naipabatid na paroroon daw ako noong nakaraang linggo, at wala akong alam tungkol dito. At umuwi ako, at—at ipinabatid na nila iyon; at 'yung kapatid na gumawa nun, na nagngangalang Epply. O, palagay ko iyon nga ang pangalan niya. Sa buong katapatan at sinseridad, ginawa niya iyon. Tinawagan niya ako at hiniling kung makakadaan lang kami upang—upang maging pagpapala at makatamo ng pagpapala mula sa kanyang mga tao. At tumawag siya. Sinabihan ko siya na tanungin kay Kapatid na Moore. Buweno, pagkatapos, kinailangan ko nang umalis. Sinabi ko sa kanya na kinakailangan kong umalis sa araw rin na iyon. Buweno, hindi naipaalam ni Kapatid na Moore sa kaninuman. At noong, o hindi naipaalam sa akin, ni naipaalam man sa maybahay ko. Kaya naparoon ako sa Idaho, at kababalik lang, at naidaos 'yung pagtitipon.

8 Kaya, at kaya nakita ko, noong panahong iyon, hindi maaaring ayusin sa Louisiana ang mga bagay na magaganap rito. Kaya, ako na ang nag-asikaso mismo, para ako na mismo ang mag-asikaso ng mga pagtitipon, hanggang sa ang mga pagtitipon ko ay . . . Ako talaga ay para bang . . . Oh, di ko alam, sa palagay ko'y mainam ang pag-amin para sa kaluluwa. Di ba sa palagay n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Naging sadyang masyadong mabagal ako tungkol sa mga bagay na ito. At basta na lang hinahayaan ang sinuman, saanman, basta lang hinahayaan. At nalaman ko, hindi 'yun uubra. Pagkatapos ng matagal na panahon, maglalagay ka . . . Kinakailangan mong magkaroon ng isang sistema rito. At ngayo'y sinisikap kong ako na ang mag-asikaso.

9 At ako—at makikipagkita ako kay Gng. Arnold. Ako . . . May isang tao rito sa Louisville na naging napakabuti, noong

nagdaraos ako ng mga pagtitipon dito, at ang pangalan niya ay Kapatid na Burgum. At gusto niya ng isang—isang gabi o dalawa, na gawain. Makikita ko ang munting anak ni na si Teddy, palagay ko, si Teddy Arnold. Sa anumang oras ngayong linggo.

10 At pagkatapos sa darating na Sabado at Linggo, kung magagawa ko, kung loloobin ng Panginoon, gusto kong pumaroon sa Madisonville. Mayroon silang dalawampu't lima, tatlumpung ministro roon. Lahat sila ay naroroon, dumating para sa ilang. . . Ang isa ay anim, pitong daang milya. Buweno, wala ni isa ang pumunta dun, kaya wala ako roon, at hindi ko mismo kasalanan, kundi ako lang ay. . . kundi sa di-pagkakaunawaan lang, o nakaligtaang tawagan siya. At sisikapin kong makaparoon sa susunod na katapusan ng linggo, kung loloobin ng Panginoon.

11 Pagkatapos, sa a-singko hanggang a-sais, nasa Brooklyn, New York ako. At pagkatapos buhat roon, sa a-katorse, a-kinse, at a-desisais, sa Parkersburg, West Virgina. Kakikipag-ayos ko lang para sa dalawang iyon kagabi at kaninang umaga. Ngayon, ang Charlotte, South Carolina, ay nakalista pa lang, subalit hindi ko alam. Pagkatapos, darating na ang bakasyon.

12 Saka kami pupunta sa West Coast, na inihahanda na nila ang isang—isang malaking pagtitipon sa bulwagan. Ngayon ang mga ito ay—ay maliliit na pagtitipon na ginaganap sa mga high school at mga gaya niyon. 'Yung doon sa West Coast, ay magiging—magiging dalawang siyudad, isang pagtitipon ng pinagsamang siyudad, ng Oakland at ng San Francisco.

13 At pagkatapos ang mga kinatawan ng Phoenix, dahil sa hindi makakapunta roon si Kapatid na Roberts ngayong taon, ako ang para bang papalit sa lugar niya roon sa Phoenix, sa—sa pagtitipon ng buong rehiyong Maricopa. Iyon ay pinagsama-samang pagsisikap.

14 At ipanalangin n'yo ako dahil sa aking—kailangan ko 'yon. At napagtanto ko na sa tuwing iniaangat ng pananampalataya ang sarili nito, itinutuon naman ng diablo ang bawat baril sa impiyerno diretso mismo rito, gaya nun, nakita n'yo na, kaya nagiging napakahirap niyon.

15 Kaya, ngayong umaga, sa pananalangin para sa mga maysakit. Gusto kong bumasa ng ilang Walang Hanggang Salita ng Diyos, at mangusap nang ilang sandali lamang mula sa Mga Kasulatan, at pagkatapos ay magkaroon na ng pananalangin para sa mga maysakit. Oh, gustong-gusto kong mangusap patungkol sa Kanya! Hindi ba? Talagang gustong-gusto kong mangusap patungkol sa Kanya.

16 Ngayon ay nais kong basahin mula sa Biblia, ang Ikalawang Mga Hari sa ika-2 kabanata, sa ika-12 talata, isang bahagi nito.

> *At nakita ni* Elias, *at. . . sumigaw, Ama ko, ama ko, ang* mga karo *ng Israel, at mga mangangabayo niyaon.*

17 At ngayon bilang paraan ng isang—isang teksto, o isang paksa, nais kong mangusap tungkol sa: *Isang Ipinasang Segunda-Manong Balabal.* Kaya idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala habang nangungusap kami sa inyo ngayong umaga. At ipanalangin po ninyo kami.

18 Noong panahong ito ng paghahari ng Israel sa lupain. Ang Israel ay isang bansa, at isa noon itong makapangyarihang bansa, at ito noon ay tila baga isang panahong payapa sa bahaging sandatahan nito. Subalit sa—sa bahaging espirituwal nito, iyon ay para bang isang—isang panahon ng—ng panggagaya. At kung titingin tayo pabalik sa Lumang Tipan, makasusumpong tayo lagi ng mga halimbawa ng kung ano ang nagaganap sa panahon ngayon. Lagi, sa Biblia, ang mga bagay ngayon, ay mga anti-tipo lang ng kung ano ang nasa pasimula.

19 Ngayon, ipinapakita ng Aklat ng Genesis ang lahat ng nasa sanlibutan ngayon. Walang anumang bagay na nasa sanlibutan na hindi nagpasimula sa Genesis, dahil ito ang pasimula. Doon, ay nagsimula ang bawat ismo. Sa Genesis, nagpasimula ang lahat ng bagay na nagsimula. At nagpasimula ang tunay na Iglesya sa Genesis. At nagpasimula ang huwad na mananampalataya sa Genesis. At nagsimula ang kawalang-malasakit sa Genesis. Ang Genesis ang pasimula.

20 At ngayon sa panahon ng pamamahala ni Elias, o ng paglalakbay ni Elias dito sa lupa, na siyang propeta ng Diyos sa panahong iyon.

21 At ang Diyos ay hindi kailanman hinayaan na wala Siyang saksi sa lupa. Palaging ang Diyos, saanman, sa isang dako, ay may isang tao na mahahawakan Niya at tatayo bilang isang saksi. Kaya kung ginawa Niya ang gayon, mula pa noong Genesis, sa pasimula, tiyak, saanman, ay may isang tao ang Diyos na mahahawakan Niya ngayon. Sapagkat Siya—Siya'y may higit pa sa isang tao ngayon, marami Siyang tao na mahahawakan Niya, sapagkat papunta na tayo sa—sa panahon ng pagbibigkis, sa panahon ng pag-aani.

22 Ang Genesis ay ang pagtatanim ng binhi, at nitong anim na libong mga taon ay ang pagpapahinog ng ani. At ngayon ang binhi ay naging isang binhi na mismo. Bumalik ito sa bulaklak, at mula sa bulaklak patungo sa—sa bunga. At ito na ngayon ang panahon ng pagbibigkis, panahon ng pag-ani, ang lahat ng dakilang mga bagay na nagpasimula. Ang tunay na Iglesya na nag-umpisa sa Genesis ay humantong na ngayon sa panahon ng bunga, ang bunga ng Espiritu. At ang anticristo na nagsimula sa Genesis ay humantong na sa bunga nito. At tayo lamang ay nasa panahon na ng pagtatapos ng buong dispensasyon ng sanlibutan, ang. . .ng taong mortal. At tayo'y. . .Ito ang pinakadakilang panahon na ang sinuman, o ng anuman sa anumang panahon, ay nabuhay, ay ang panahong ito. Ito ay isang panahon ng

pagliliglig. Ito'y isang panahon ng kabagabagan para sa mga makasalanan, subalit napakagandang panahon ito para sa mga Cristiano, sapagkat alam natin na tayo ay—ay nag-eempake na, o tinitipon na ang mga huling maliliit na pagsusumikap nang sama-sama, upang umuwi na sa Tahanan at katagpuin ang Panginoon.

23 Ngayon mga kasama, ngayon, sa pagtingin ninyo sa palibot at nakikita ang matinding kaguluhan at panganib na kinakaharap ng bansa. Kung saan, ilang gabi na ang nakararaan, ay may kausap ako, na isa dito sa mga tagamasid na ito na nagmamatyag. At sabi nila, "Kapatid na Branham, kauutos pa lang sa amin ng pamahalaan na huwag nang pagpayuhan ang mga tao na mahiga sa tabi ng. . .lumayo sa bintana sa sahig, kapag tumama ang bomba, o huwag nang pumasok pa sa silong, dahil ang bagong bomba na ito na kaya nilang gabayan gamit ang radyo mula Moscow hanggang sa Fourth Street sa Louisville, at tatama mismo sa daan. Maipapatama iyon. Mayroon iyong tar-. . .mga bagay sa loob niyon, mga pampasabog, at dinadala iyon ng napakaraming libo, napakaraming libo. Ginagabayan sa pamamagitan ng mga bituin at radar, at ibabagsak iyon mismo sa Fourth Street sa Louisville, mula sa Moscow, Russia. At pagtama nito roon. . .Hindi na kailangan pang gumamit ng eroplano o ng anuman. Pasibarin mo lang *dito*, at lalapag ito mismo *roon*. At pasasabugin niyon ang lupa't gagawa ng butas, sa isang lugar, sa lalim na isandaan at pitumpu't limang talampakan ng labinlimang milya kuwadrado saan mang panig iyon papunta, labinlimang milya kuwadrado. Wala nang gagawin pa kundi maghanda nang lumipad paitaas, ay ang tanging bagay na lang na gagawin pagdating ng mga panahong iyon.

24 Isipin n'yo na lang, kaya nilang patamain ang limampu ng mga iyon, o isandaan ng mga iyon, nang minsanan, kung nanaisin nila. Matatapos nang lahat, sa loob ng. . .palagay ko 'yun ay animnapu o walumpung minuto, o humigit-kumulang, o mga segundo—mga segundo, pala, mula roon hanggang dito, patungo sa buong pagkawasak ng buong bagay ay maganap. Walang matitirang anuman sa pagitan ng Louisville at Henryville, at sa pagitan ng Louisville at—at Bardstown, o sa dako roon, kundi isang butas sa lupa na may isang tambak ng alikabok na nakalagay roon. Iyon lang ang matitira, maliban sa mga dako ay kakalat iyon, at masusunog nang mga milya at milya-milya lampas pa doon. At habang bumabagsak ang isa roon, may isa pang bumabagsak sa iba pang dako, para salubungin iyon.

25 Labis akong nagagalak na mayroon tayong Kanlungan. "Ang Pangalan ng Panginoon ay isang matibay na Moog, tinatakbuhan Ito ng matuwid at naliligtas." Gaano man karaming bomba o gaano karaming anupamang ibang

bagay na. . .Ligtas tayo Roon. Kaya, ang sanlibutan at ang makasalanan, na walang Kanlungan na ito, o ng Dakong ligtas na ito, ito'y panahon ng pagliliglig. Naniniwala ako, kung hindi ako isang Cristiano, ay mababaliw ako, na isipin kung ano ang maaaring maganap sa anumang oras. At sa isang bahay na puno ng maliliit na bata, at lahat na, baka hindi ko alam ang gagawin. Subalit nagagalak akong lubos na makatatayo ako sa aking bahay at maipapakilala sa kanila ang isang Kanlungan na walang bomba ang maaaring makatama, o anupamang ibang bagay, sa ilalim ng mapag-arugang mga Pakpak ng Panginoong Jesus. "Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, ni ng kalakasan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu," sabi ng Panginoon. Kita n'yo? Iyon ang ating pananggalang.

26 At gaano kadakila, maluwalhating panahon nga ito, na malaman na ang lahat ng kasalanan at mga pagpupunyagi at mga pagsubok ng buhay ay di magtatagal at matatapos na. Matatapos na itong lahat isa sa mga araw na ito, at paroroon na tayo sa ating Tahanan upang makasama ang Panginoon. Ngayon, ang natitira na lang, ay isang panahon upang ipangaral ang Ebanghelyo at upang maiakay tungo dito sa malaking Tore na ito ang sindami, ang sindami ng makakaya natin.

27 At pagkatapos, habang nakikita natin ang takbo ng ating aralin sa araw na ito, tungkol kay Elias, sa panahon ng kanyang pangunguna, siya. . .o, ng paglalakbay niya sa lupa, aba, isa siya noong dakila, makapangyarihang tao. Ginagamit siya ng Diyos sa dakilang mga kaparaanan, na taglay ang dakilang kapangyarihan. At nalaman natin na sa panahong ito, ay may isang grupo ng mga manggagaya na sinikap na gayahin si Elias, na sinikap na gawin ang mga gayunding bagay na ginawa ni Elias.

28 At kaya ating nasusumpungan ang parehong bagay ngayon; panggagaya sa Cristianismo, mga taong sinisikap na umakto na gaya ng Cristiano, na sinisikap na gawin ang sarili nila na Cristiano. Hindi n'yo magagawa 'yun. Kinakailangang ang Diyos ang gumawa nun. Tanging Siya lang ang makagagawa niyon.

29 Kaya bumuo sila ng isang paaralan, at tinawag itong, "ang paaralan ng mga propeta." At nagtungo silang lahat sa paaralan ng mga propeta, at tinuruan nila sila. At nakikini-kinita ko ang lahat ng mga mangangaral na iyon doon, ay nakasuot ng kaparehong uri ng balabal na suot ni Elias. Nakikinita ko na sinisikap siyang gayahin sa kanyang tinig, ang pamamaraan ng pagsasalita niya. At—at ang paraan ng pagpapakilala niya sa kanyang sarili, ang lahat ay nagsisikap na gawin ang gayon ding bagay, sapagkat si Elias ay isang dakilang tao na ginagamit ng Diyos.

30 At ganoon din ang nakikita natin ngayon. Nakikinig ako sa isang pagsasahimpapawid sa radyo, hindi pa katagalan. May

mga Billy Graham sila sa buong lalawigang ito, mula noong nasa Louisville si Billy. Sinisikap na gayahin ng bawat isa ang iisang bagay, halos suklayin ang kanilang buhok sa gayunding paraan, at—at magsuot ng kaparehong bagay, at parehong uri ng tinig, at kung ano-ano pa. Subalit hindi n'yo maaaring gawin ang ganoon. Kinakailangan lang ninyong maging kung sino kayo at kung ano ang pagkagawa sa inyo ng Diyos. Tama 'yon. At gayon nga na nasumpungan natin kung paano na, siguro, noong mga panahong iyon ay ganun din ang pangyayari.

31 Ngayon, ang Diyos, sa pagkakita, nakikitang bilang lang ang mga araw ni Elias, na ganun lang katagal na makapananatili siya sa lupa, gaya ng lahat. Kaya, maglalagay na Siya ng hahalili kay Elias. At noong naglagay nga Siya, tinawag ng Diyos ang lalaking ito. Wala siya sa anumang seminaryo noong tinawag Niya ito. Nag-aararo siya sa isang bukid, na may pamatok ng baka, ginagawa ang paglilingkod, o inaaruga ang kanyang nanay at tatay. At tinawag siya ng Diyos upang maging kahalili ni Eliseo, o ni Elias.

32 Marahil ay marami roon sa paaralan ang nag-akalang tiyak nilang sila ang magiging kahalili niya, isusuot nila ang kanyang balabal kaagad-agad pagkatapos niya rito.

33 Subalit, ang Diyos ang tumatawag. Ang Diyos ang namimili. Ang Diyos ang naghihirang. Ang Diyos ang naglalagay sa kaayusan. "Naglagay ang Diyos sa Iglesya: ang ilan, mga apostol; ang ilan, mga propeta; ang ilan, mga guro; ang ilan, mga ebanghelista; at mga pastor." Ang Diyos ang gumagawa niyon, Siya Mismo. Hindi natin kayang gawing itim o puti man ang isang buhok, ni makapagdaragdag man tayo ng isang bagay sa ating sukat sa pamamagitan ng pagkabalisa. Ang Diyos, sa Kanyang walang hanggang biyaya, at sa pamamagitan ng Kanyang pagpili at ng Kanyang paunang kaalaman, ay inilalagay ang mga bagay na ito sa kaayusan, at bawat gulong ay gumagana nang sadyang tamang-tama. Gusto ko iyon.

34 Magiging taong pinanghinaan ng loob na sana ako, ngayong umaga, kung hindi ako naniniwala sa pagpili at pagtawag ng Diyos. Kung iniisip kong ang mundong ito ay iniwanan na sa kahihinatnan nito, sa ilalim ng kapangyarihan ng tao, at sa ilalim ng karunungan ng tao, at sa ilalim ng "makapangyarihang apat," at ng U.N., at na ni hindi man lang nababanggit ang Pangalan ng Diyos. Magiging taong pinanghinaan ng loob na sana ako. Subalit hindi ako tumitingin doon para sa kahihinatnan.

35 Tumutunghay ako sa mga pahina ng matandang Aklat na ito *rito*, kung saan isinulat Ito ng Diyos, at ang lahat ng bagay ay sadyang hahantong mismo sa paraan ng pagkasabi Niya rito, at ganun lang. Kaya, ang tanging bagay na kailangan kong gawin ay hindi luminya kasama nila, kundi luminya sa Kalbaryo.

Luminya sa Diyos, luminya sa Kanyang Salita, manatili sa Kanyang Salita. Kahit gaano man tila baga hahantong ito sa *ganoon*; ito'y mauuwi sa kung ano ang layon ng Diyos para dito. Hindi na ito maaaring maging iba pa. Sapagkat, Siya dahil sa pagiging walang hanggan, ay alam na ang wakas mula sa simula, at ginagawa Niya ang lahat ng bagay na humantong para sa Kanyang kapurihan. Tama 'yon.

36 "Ang lahat ng bagay ay kinakailangang magkalakip-lakip na gagawa." Ang lahat ng bagay ay kinakailangang mabuo mismo sa lugar nito. Naku! Kung hindi ba naman iyon makapagpapalakas ng loob sa isang Cristiano! Wala nang magiging problema. Gayon pa man, hindi natin ito laban; Kanya ito. Hindi ang ating karunungan; ang sa Kanya. Ang tanging isang bagay lang na kinailangan nating gawin ay ilagak ang ating pananampalataya at pagtitiwala roon, at pumirmi at masdan ang kaluwalhatian ng Diyos, tunghayan kung paano Ito kikilos paikot sa lugar Nito, at bawat gulong ay kumikilos. Maaaring kumalat Iyon sa magkabi-kabilang panig, subalit kikilos Iyon mismo sa tamang kalalagyan Nito kapag sinalita ng Diyos ang Salita.

37 Alam Niya ang wakas mula pa sa simula. Alam Niyang mamimili ito. Alam Niyang hahalili sa lugar ni Elias si Eliseo, bago pa man maanyuan ang sanlibutan. Ang lahat ng bagay ay kinakailangang gumawa nang sadyang tamang-tama.

38 At nag-aalala tayo tungkol sa ating mga minamahal sa buhay, at iba pa, "Papasok kaya sila?" Ang kanilang mga pangalan, kung nakasulat sila sa Aklat ng Buhay ng Kordero, bago pa man maitatag ang sanlibutan, hahantong sila mismo roon. Iyon lang ang tanging bagay na magagawa niya. Nagpapatotoo tayo at pinagliliwanag ang Ilaw. Ang Diyos ang gumagawa, Yaong nagdadala Nito sa kanila.

39 Ngayo'y pansinin n'yo, kay Elias, saka, pagkatapos niyang ihagis ang kanyang balabal dito, at sinubukan iyon sa kanya. Sa ibang salita, si Elias na propeta, na taglay ang balabal ng Diyos sa kanyang mga balikat, bumaba siya at ipinatong iyon kay Eliseo, na magsasaka, upang tingnan kung kakasya iyon sa kanya. At gumugol ng mga sampung taon para mailapat, upang magkasya ang balabal na iyon.

40 Alam n'yo, kadalasang dinadala tayo ng Diyos sa gawaan at tinatabas tayo. Ngayon, hindi Niya binago ang kanyang balabal para magkasya kay Eliseo; iniutos Niya kay Eliseo na lumapat sa balabal. At ganoon ang ginagawa Niya ngayon. Binababago Niya tayo para kumasya sa balabal, hindi ang balabal para magkasya sa atin. Kung minsan gusto natin na ang balabal ang kumasya sa atin, subalit hindi natin puwedeng gawin ang gayon. Kinakailangan (hayaan) mong mabago ka, ang iyong sarili, para sa balabal. Ito ang balabal ng Diyos, at ginawa Niya itong sakdal.

At kinakailangan nating. . .kinakailangan Niya tayong dalhin sa kalagayang iyon, upang kumasya tayo sa balabal.

41 Kaya, hindi tayo maaaring masakdal, sa ating sarili. Alam nating hindi natin magagawa. Walang paraan para tayo maging ganoon, at, gayunman, sinabihan Niya tayo na mapasa ganoon. Kaya, ngunit, ang ginawa Niya, gumawa Siya ng pangtubos para sa atin; ang Panginoong Jesus Cristo at ang Kanyang katuwiran. Doon nagmumula ang kasakdalan; sa pagbabale-wala sa ating sariling kabanalan, na wala nga tayo; at ng ating sariling mga kaisipan, na hindi dapat. Subalit nagtitiwala tayo nang taimtim sa natapos nang gawa ng Panginoong Jesus. Isinugo Siya ng Diyos sa lupa, at sa Kanya tayo nakapahingalay.

42 Pansinin n'yo, sa lahat ng mga taon na iyon, sa abot ng ating nalalaman, nagkaroon lamang siya niyong isang bautismo ng pagpatong sa kanya ng balabal. Subalit sa pagdaraan ng mga taon, hinulma ng Diyos ang pag-uugali ng lalaking iyon tungo sa isang kalagayan kung saan, pagkatapos ng kanyang pagkatawag, na kakasya siya sa balabal at magiging ang lingkod ng Panginoon.

43 At noong dumaan si Elias at inihagis iyon sa kanya, at nagtungo na sila patungong Gilgal at marami sa iba pang mga lugar na pinuntahan nila, patungo sa paaralan ng mga propeta, sa kanilang daan, nagpapatuloy sa paglalakbay. At, sa wakas, sinusubukan ni Elias na pabalikin si Eliseo. Napansin n'yo ba iyon? Sinusubukan siyang pabalikin. Sabi, "Ako. . . " O kaya, "Marahil ay medyo masyadong matarik na ang daan para sa iyo, anak. Marahil ay medyo masyadong masikip para daanan mo."

44 Alam n'yo, kung saan naroon si Elias, ay may pagtutuwid. At saanman nangangaral ng Ebanghelyo ang tunay na lingkod ng Diyos, isa itong tuwid, purong Ebanghelyo kung saan Iyon ipinangangaral.

45 Habang, isang araw, nagtungo siya roon sa paaralan ng mga propeta, upang dalawin sila, at hiniling nila sa kanya na umalis. Sabi nila, "Masyado nang tuwid Yan sa dakong ito, para sa amin."

46 Ang kailangan natin ngayon ay higit pang tuwid, na pangangaral ng Ebanghelyo na maghihiwalay sa trigo mula sa ipa, o ng tama sa mali. Gawing kung ano ang tama ay "tama," at kung ano ang mali ay "mali."

47 Ang lahat ng mga taong ito na taglay ang kanilang karanasan, at lahat na ng kung ano sila! Nagsugo sila para kumuha ng makakain, at nakakuha ang isa sa kanila ng ligaw na baging, at nanguha ng ilang kalabasang-gubat, at nagluto ng ilang kamatayan sa kanilang pansimbahang palayok. At, bigla-bigla na lang, sumigaw sila, "May kamatayan sa palayok!"

48 Subalit si Elias, na may taglay na dobleng bahagi, ay alam ang gagawin, kaya naglagay siya ng sandakot na harina sa

palayok. Sabi, “Ngayon, sige na at kainin n’yo na ito.” Sa ibang salita, sila . . .

49 Ngayon, isang tipo, naiisip ko, na napakarami na nating Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, mga Pentecostal, at lahat na ng iba pa, na napaghalo-halo na, at ang isa ay nakikipaglaban sa isa pa. At hindi natin kailangang alisin ang buong bagay at itapon iyon. Kailangan natin ang isa na namang sandakot ng Harina. Panatilihin ang siya ring iglesya.

50 Yaong harina ay mula sa bahay ng paaralan doon, na ang handog na harina na dinala ng mga tao doon, at ang unang mga bunga ng ani na giniling ng isang uri ng panggiling na nagpaging magkakapareho sa bawat butil. Pagkatapos noong . . .

51 Ang harinang ito, na magkakapareho, ay isang tipo ni Cristo. Ang harina ay buhay. At kapag ang tipo ni Cristo, ang harina, ay ginigiling nang pare-pareho; ibig sabihin, “Si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” At ang harina sa handog na harina, at kapag inilagay nila ang harinang ito roon, sa paglalagay kay Cristo sa kamatayan ay nagdulot ng Buhay. Iyon ang nagdadala ng kaibahan sa ating patay na anyo, sa ating mga pagkakaiba-iba, sa ating mga pagtatalu-talong eklesiastikal at lahat na. Kung dadalhin lamang natin si Cristo rito, babaguhin nito ang kamatayan, at pagkahiwalay, patungo sa Buhay, kung gagawin lang natin ito.

52 May labingsiyam na milyong Baptist sa America. May labintatlong milyong Methodist sa America. May labing-isang milyong Lutheran sa America. At sampung milyong Presbyterian sa America. At ang Diyos lang ang nakakaalam kung gaano karaming Katoliko, na hihigit pa sa anumang denominasyon. Subalit, sa lahat ng ito, ano ang kailangan natin? Sandakot na Harina. Kailangan nating dalhin ang Buhay sa iglesya. At si Cristo ang Buhay. Pumarito Siya upang dalhin sa atin ang Buhay.

53 Kaya nga, mayroon silang mga pagtatalu-talo, at kanilang mga paaralan, at kanilang mga teo- . . . mga teolohiya, at iba pa.

54 At pagkatapos sinabi ni Elias kay Eliseo, “Mas maiging bumalik ka na, dahil baka medyo mahirap ang daan.” Subalit ang isang tao ng Diyos na minsan nang nakaharap iyon, o naihagis na sa kanyang balikat ang balabal ng katuwiran at kapangyarihan ng Diyos, ay hindi madaling tumalikod.

55 Noong marinig kong sinabi ng pastor, kaninang umaga, na ang ating . . . “Marami na ang pinanghihinaan ng loob.” Ang kailangan natin, kapatid, ay magpakalakas ng loob! Ang kailangan natin ay mapalakas ang loob. Totoo nga ’yon. Maaaring dumating ang mga pagsubok. Hindi tayo pinangakuan kailanman na hindi na tayo tatablan ng mga iyon, subalit magkakaloob Siya ng biyaya para makadaan sa mga iyon. Kung napakataas ng bundok para akyatin, napakalalim para sisirin,

napakalawak para ikutin ito, magkakaloob Siya ng biyaya para malampasan ang mga ito. Tama ’yon. Basta huwag kang mag-alala, kundi ituon mo ang iyong paningin kay Cristo, sapagkat Siya lang Yaong makapagtatawid sa atin.

56 Ngayon, makikita natin sila habang sila’y nagpapatuloy sa lakbayin, nakarating sa paaralan. At sabi niya, “Manatili ka rito ngayon. Dumito ka, at pumirme at maging isang mabuting guro ng teolohiya, at kung ano pa. At ikaw marahil, balang araw, ay maaaring maging ang dekano ng kolehiyo rito. Subalit kailangan kong pumalaot pa nang kaunti.”

57 Maiisip n’yo ba ang isang taong anak ng Diyos na masaya na sa pagiging dekano ng isang kolehiyo, gayong naroon ang Kapangyarihan ng Diyos mismo sa kung saan siya nakatayo? Hindi, po. Sabi niya, “Buhay ang Panginoon at buhay ang iyong kaluluwa, hindi kita iiwan.” Gusto ko ’yan.

58 Manatili kayong kasama nito, kahit gaano pa karaming nagpapahina ng loob, kahit na magmula pa iyon sa inyong ina, inyong tatay, o mula sa inyong pastor. Manatili kayo kasama Niya.

59 Patungo ng Jordan ay nagpunta sila. Sila ay tumawid. At sinabi ni Elias, “Ngayon, ano ang nais mong gawin ko para sa iyo?”

60 Sabi niya, “Isang dobleng bahagi ng iyong espiritu na sumaakin.” Alam niyang may gampanin siyang gagawin. Sabi niya, “Isang dobleng bahagi.” Hindi lang isang mainam na mainit na karanasan, hindi lang isang mainam na pakikipagkamay, o isang mainam na pakikisama sa iba pa sa iglesya. Kundi, “Ang nais ko ay dobleng bahagi ng kung ano ang pinakamagaling ngayon.”

61 Sinasabi ko sa inyo, kapag itinalaga ng Diyos ang isang tao para sa isang pandaigdigang gawain, kinakailangan niyang magtaglay ng isang bagay na mas higit na magaling kaysa sa taglay ng sanlibutan. Kinakailangan niyang magtaglay ng isang higit na mas mainam na bagay kaysa taglay ng iglesya. Kinakailangan niyang kamtin ang isang dobleng bahagi.

62 At kung may panahon man na ang isang dobleng bahagi ay kinakailangan, ’yun ay ngayon na, sa panloob na kalagayan ng mga tao; isang mas mainam, isang mas mataas. Hindi ko kayang. . .Sa palagay ko’y napakainam ng patani at tinapay na gawa sa harina ng mais, ngunit kung minsan kinakailangan kong umabot ng mas mataas pa ng kaunti. At ginagawa natin ang gayon; kinakailangan nating gawin. Kinakailangang magpatuloy tayong umakyat. Napapatalikod ang Israel kung patuloy itong nananatili sa iisang lugar. Kinakailangang siya’y kumikilos nang pasulong o kumikilos nang paatras. At ganoon ang iglesya.

63 Kaya, habang nagpapatuloy sila, hindi pa nagtatagal ng ilang minuto hanggang sa sabi niya, "Humiling ka ng isang dakilang bagay, ngunit, ganoon pa man, kung makita mo akong paalis na, mapapasaiyo ang hinihiling mo."

64 Ngayon, kinakailangang iyon ay nakatuon ka sa iisang motibo, buo ang puso, iisa ang paningin, nakatuon ang iyong mata sa pangako. Hum! Kung may karamdaman kayo ngayong umaga, kung kayo'y nagdurusa, mayroong isang dakilang pangako; hindi ni Elias, kundi ng Diyos Mismo. "Kung kaya mong manampalataya, kapag kayo ay nanalangin, manampalatayang makakamtan ninyo ang inyong hinihingi, at inyo itong matatanggap." Kahit ano pa ang sabihin ng doktor, gaano man mawala *ito* o mawala *iyon*; manatili kang nakatuon sa pangako.

65 Inatasan siya ni Elias, "Kung makita mo ako kapag paalis na ako, sasaiyo ito."

66 May pangako, "Kung kaya mong manampalataya, ang lahat ng bagay ay mangyayari sa kanila na nananampalataya."

67 Kung minsa'y tinitingnan ko ang aking sarili, at naiisip, "Ako'y naging parang dikya sa buhay ko. Naghintay ako, at napalampas ang maraming libu-libong kaluluwa, sa Kaharian, dahil sa naghintay ako at nagsabi, "Diyos. . . " Masyadong dumipende sa isang espirituwal na kaloob. At nagsabi, "Panginoon, kung ipakikita Mo lang sa akin, kung bibigyan Mo ako ng isang pangitain kung ano ang gagawin." At bibigyan ako ng Diyos ng isang pangitain, pagkatapos babaling ako at hahayaang hikayatin ako ng isang tao sa iba pang bagay.

68 At, oh, hindi kailanman ako humantong sa mismong punto, hindi pa, hanggang sa ako. . . gaya ng taglay ko sa ngayon, na nadarama kong ito'y isang pananampalataya, na dapat tayong humakbang roon, sapagkat ito'y isang pangako. At ang mga bagay na ginawa Niya, at ang mga pagpapagaling na ipinamalas Niya, at ang mga himala; na anopa't, nanaog at nagpakuha ng Kanyang larawan sa ating tabi, at kung ano pa, na hindi pa kailanman naalaman mula noong magpasimula ang sanlibutan. At pagkatapos tatayo sa paligid na gaya ng isang dikya? Napanghihinaan pa nga ako ng loob sa sarili ko mismo. Oras na para ituon ang inyong mata sa pangako.

69 At 'yun ay ang kung ano, sa biyaya ng Diyos, ang nilalayon kong gawin. At nalalaman kong bawat diablo ng impiyerno ay pupuntiryahin 'yon. Subalit, sa biyaya ng Diyos, layunin kong ituon ang aking mata sa pangako.

70 Sinabi ni Elias, "Kung iyong. . . " Sabi ni Elias, "Kung makita mo ako kapag paalis na ako, mapapasaiyo ang hinihiling mo." Tama 'yon. Kinakailangan mong ituon ang iyong mata roon; masdan mo ang pangako. Gaya ng, ano kaya kung ang ilan sa nasa paaralan, kung bumalik siya, at nagsabi, "Uy, mga

kasama, gaano na ba ako ngayon, sa pagsunod sa likuran mismo ng propeta?" Nabigo na sana siya, marahil. Subalit wala siyang pakialam kung ano man ang iniisip ng paaralan, o kung ano man ang iniisip ng lahat ng mga guro. Wala siyang pakialam kung ano ang iniisip ng mga kapitbahay, o ng mga sambahayan, o kung sino ang tumitingin sa kanya. Pinanatili niya ang kanyang pananampalataya sa pangako.

71 Ang kailangan natin ngayon ay pananampalataya sa pangako ng Diyos, at huwag ninyong pansinin kung ano ang sinasabi ng isang *ito* o sinasabi ng isang *iyon*.

72 Gaya ng sinabi ng isang kapatid, nagkaanak ng dalawang babaeng pipi ang isang ministro, at na ang kritisismo sa Makalangit na pagpapagaling, na, "Hindi mapagaling-galing ang mga bata."

73 Huwag ninyong pansinin ang mga mapagpuna. Panatilihin ninyo ang inyong pananampalataya sa pangako. Sinabi ng Diyos ang gayon! "Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit, at ibabangon sila ng Diyos." Kung kaya Niyang gawing makarinig ang isang pipi't bingi, kaya Niya ring gawing makarinig ang iba pang pipi't bingi. Alam natin, sa hindi mapasusubaliang mga katibayan, na ginagawa Niya iyon. Panatilihin ang inyong pananampalataya sa pangako. Ang mga mata natin ay nakatuon sa iisa; ang ating mga tainga ay nakatuon sa iisa; ang ating mga puso ay nakatuon sa iisa; at, isang bagay, kay Jesus Cristo, at kaya Niyang isakatuparan yaong Kanyang ipinangako. Oh, kung iisipin natin iyon, binabago nito ang buong tagpo kung makuha natin iyon. Ang Diyos ang nangako. Ang Diyos ang Siyang nagsabi niyon.

74 Ngayon, *heto* ang kinatawan ng Diyos na nagsabi nito, at ngayo'y ang Diyos na Mismo ang nagsabi nito. Kung ganun ano ang magagawa natin? Wala na kundi ituon lang ang ating pag-iisip doon. Sabi, "Kung makita mo ako kapag paalis na ako, ay mapapasaiyo ang pangako." Itinuon ni Eliseo ang kanyang mga mata kay Elias. Kahit ano pa ang isinigaw sa magkabilaan, kung ano man ang nangyari sa magkabilaan, kung ano man ang nangyari bago iyon, ni hindi niya 'yon tiningnan. Itinuon niya ang kanyang mga mata sa pangako. Hayan nga, ang mga paningin ninyo sa pangako.

75 Naiisip ko ang binibini na dinalaw namin noong isang gabi, si Kapatid na babaeng Sauer. At sinabihan siya ng doktor kung gaano siya kalubha. At hindi ko sinabi sa kanya; sinabi ko sa mahal niya sa buhay. At kung gaano magiging imposible para sa kanya na gumaling kailanman. Ngayon, ang kapatid, ang kanyang manugang na lalaki ay tinanong ako tungkol doon. Sabi ko, "Kung maitutuon niya ang kanyang mga mata sa pangako." Kahit ano pa ang mangyari, panatilihin ang inyong mga mata sa pangako.

76 Ilang linggo na ang nakararaan, heto si Kapatid na babaeng Wood, at si Kapatid na lalaking Wood, dalawang matalik nating kaibigan dito sa iglesya. Naparoon ako sa Michigan kasama ng mga kaibigan ko, sina Leo at Gene. Umalis na kami sa pagtitipon sa Chicago at sumama sa ilan sa mga tao nila, sa . . . ng dalawang araw, para mangaso ng usa gamit ang mga pana. At sa daan ko pabalik, nakausap ako ng aking maybahay, at sabi niya, "Ipanalangin mo ang nanay ni Gng. Wood. Kinakain na ng kanser ang kanyang mukha." At sabi, "Hindi ko pa nakita si Kapatid na babaeng Wood na lubos na naalarma. Umiiyak siya." Noon pa ma'y bayani na sa pananampalataya si Kapatid na babaeng Wood, mula noong pinagaling ng Diyos ang kanyang anak na lalaki sa pagkalumpo ng paa, at pinagaling siya sa TB, at iba pa. Subalit pinanghinaan na siya ng loob.

77 Doon sa silid, noong gabing iyon, nanalangin kami. Pagpasok, sabi ni Gng. Wood, "Kapatid na Branham, pupunta tayo." At pinuntahan namin ang kanyang nanay, na nasa Louisville. At nagkaroon siya ng kanser sa gilid ng kanyang ilong, at nagalaw na iyon ng doktor, naikalat iyon; hanggang sa isang maliit na pabilog na lang sa gilid ng kanyang ilong, at pataas ay nasa mga ikawalo ng isang pulgada na lang mula sa kanyang mata, buto na lang ang naroroon. Nakain na iyon ng simbilis lamang ng makakain niyon.

78 Pumasok ng silid, at lumuhod ako. Sabi ko, "Gusto ko siyang kausapin na mag-isa." At pumasok ako sa silid upang manalanging kasama nung babae. At habang nasa loob ng silid, naisip ko, "O Diyos, kung papakitaan Mo lamang ako ng isang pangitain sa kung ano ang mangyayari sa babae." Sina G. at Gng. Wood ay nakaupo sa labas, naghihintay kung ano ang sasabihin ng pangitain.

79 Subalit habang ako'y naroroon, nasaway ako. Nasaway ako sa paghihintay ng pangitain. Para bang may Bagay na tumuro pabalik, hindi ang pagkatawag. "Para saa't kailangan mo ng pangitain, gayong nasabi na nga ang pangako?" Kaya lumuhod ako at nanalangin. At habang nananalangin, basta na lamang may bagay na umangkla sa loob, ang pananampalataya ng pangako.

80 Bumalik na ako sa labas. At si Gng. Wood, noong sinabi ko sa kanya ang tungkol doon, sabi niya, "May nakita ka bang anuman, Kapatid na Branham?"

81 Sabi ko, "Wala naman akong nakitang kahit ano, pero nadama kong may Bagay na nagsabi sa akin na ang Kanyang pangako ay totoo at gagawin Niya iyon. At nananampalataya akong gagawin nga Niya iyon."

82 At bago nag-beinte-kuwatro oras, ang katapusan ng kanser na iyon ay nag-umpisa nang magkabitak-bitak at namuo ang langib sa ibabaw niyon. Hindi naglalangib ang mga kanser,

gaya ng alam n'yo na, maliban na patay na iyon. Kaya hayun na ito ngayon. At magaling na 'yung babae, at nasa bahay na. Kamangha-manghang Cristo! Sa pagtuon natin ng ating mga mata sa pangako! Sinabi iyon ng Diyos!

83 Subalit kapag naipanalangin na tayo, kung minsan, nawawala tayo at sinasabi, "Buweno, hindi iyon nagagawa nang ganoon lang kadali, kaya marahil mainam na bumalik na naman tayo." Oh, hindi.

84 Ituon ninyo ang inyong paningin sa pangako. Sinabi ng Diyos na ganoon, at iyon na 'yun. Iyon na lahat 'yun. Kung sinabi ng Diyos na ganoon, kayang tuparin ng Diyos ang Kanyang pangako, kung hindi ay di Niya iyon ipapangako.

85 Tinawag ni Abraham ang mga bagay na iyon, na hindi pa hayag, na tila baga hayag na. At, sa loob ng dalawampu't limang taon, ay nanindigan sa imposible, dahil ibinilang na Niya na kayang isakatuparan ng Diyos ang ipinangako Niya. Amen. At tayo ang mga anak ni Abraham, sa pananampalataya.

86 Tunay, itinuon ni Elias ang kanyang mga mata kay. . . o ni Eliseo kay Elias, at habang nagpapatuloy sila. At pagkaraan ng ilang sandali, dumating na ang karo at pinaghiwalay sila, ang isa sa isang panig at ang isa pa, at saka niyon kinuha pataas si Elias. Sa. . . Sumakay siya sa karo at pumaitaas na, at inalis ang kanyang balabal sa kanyang balikat at inihagis iyon pabalik kay Eliseo. Dahil, sumakto na si Eliseo para doon, alam n'yo na, kaya nagkasya na iyon sa kanya nang tamang-tama. At makikini-kinita n'yo bang. . .

87 Oh, gusto kong ibigay ninyo sa akin ang buo ninyong pansin, dahil nararamdaman kong nangangati na ang lalamunan ko. Gusto ko kayong tanungin ng isang bagay.

88 Naiisip n'yo ba kung gaano ang nadama ni Eliseo pagpulot niya sa balabal na ito, inilagay ito sa kanyang sariling balikat? Oh, anong pakiramdam!

89 Hindi ko ibig na maging personal ito, ngunit mga sampung taon na ang nakalipas, mula sa pulpito rito, nangaral ako ng isang sermon; si David, ang mandirigmang may tirador sa kanyang kamay, at si Goliath sa kanyang harapan. Noong mga panahong iyon ay wala pang mga kampanya sa pagpapagaling sa larangan, wala saanman, sa nalalaman natin. At, oh, gaano kamapagpuna ang mga tao noon sa Makalangit na pagpapagaling! Subalit may isang bagay, matapos na makatagpo ang isang Katauhan. At sabi sa akin ng mga pastor na nawawala na raw ako sa aking katinuan, at hindi maaaring magkagayon. Subalit, mula sa pulpito ring ito rito, nangusap ako tungkol kay David. Sabi, "Ibig n'yo bang sabihin sa akin na ito, ang hukbo ng buhay na Diyos, ay hahayaan ang di-tuling Filisteong iyon na laitin ang hukbong ito?"

90 Isang munting hamak na hukot ang balikat, kulot ang buhok na batang lalaki na nakabalabal ng balat ng tupa, at isang tirador sa kanyang kamay; na ang buong sandatahan ng Israel ay nangakatayo, nagsiatras. At siya lang, mag-isa, ang lumabas. Sa isang lalaking, may dalang—may dalang sibat na mga mahigit labingsiyam na talampakan kahaba, at 'yung bagay sa dulo nun ay tumitimbang ng ilang shelkun, marahil dalawampung libra ng bakal, pinatalim; isang labingsiyam na talampakang sibat. Na ang mga daliri ay labing-apat na pulgada kahaba. At si David na tumitimbang siguro ng siyamnapung libra, at tumayo, patalon-talon, na gaya ng isang maliit na panlabang tandang, na sinasabi—na sinasabi, "Ibig n'yo bang sabihin sa akin, oh, naku, na hahayaan n'yo 'yang di-tuling Filisteong . . . " [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang apat na beses—Pat.] "Kung mananatili siya sa lugar niya, hayaan ninyo siyang manatili. Subalit nilalait niya ang mga hukbo ng buhay na Diyos." Oh, naku, anong bayani! "At natatakot kayong lahat na pumaroo't labanan ito?" Sabi, "Ipaubaya n'yo siya sa akin." Oh, naku! Sabi niya, "Pinahintulutan ako ng Diyos ng Langit na mapatay ang isang leon sa pamamagitan ng isang tirador. Pinahintulutan Niya akong mapatay ang isang oso sa pamamagitan ng isang tirador. At gaano pa kayang ibibigay Niya ang di-tuling Filisteong 'yan sa aking kamay!" Tunay.

91 At noong maipanalo ang unang tagumpay, at napabagsak si Goliath, sumunod na ang buong hukbo ng Israel kay David. At tumagpas sila ng mga ulo at nanugis, ang Israel . . . o tinugis ang mga Filisteo hanggang doon sa sariling lupain nito. Itinulak nila sila sa mga sulok, at pinagpapatay sila, at sinakop ang kanilang mga bayan, at lahat na, at nagtamo ng tagumpay.

92 Kapatid na lalaki at kapatid na babae, ganoon ding bagay ang nagawa sa mga kalagayang sobrenatural, noong sinabi nila, "Hindi gagana ang Makalangit na pagpapagaling. Lumipas na ang mga araw ng mga himala." Kung lumipas na ang mga araw ng himala, lumipas na rin ang mga araw ng Diyos. Ang iglesya na hindi naniniwala sa sobrenatural ay mamamatay sa huli, at lilisanin ng Diyos ang iglesya. Kinakailangan! At ibinigay ng Diyos ang pangako, at ang mga pangako ng Diyos ay Walang Hanggan.

93 Dito ilang panahon na ang nakalipas noong napagkatuwaan ng ilang kabataang babae ang radium, at nagsasawsaw roon, at pinipintahan ng radium ang mga kamay ng mga relo. Mayroon akong ganoon sa isang ito. At nagkamali ang isang batang babae at kinuha ang pangpinta at ipinasok iyon sa kanyang bibig. Pinatay siya niyon. At pagkaraan ng maraming taon, kumuha sila ng isang mikroskopyo at inilagay iyon sa bungo ng batang iyon, at naririnig pa rin nila ang radium na iyon na tumutunog ng, "Burr-burr-burr." Walang katapusan iyon. Patuloy 'yun na gumagana, patuloy at patuloy. Hindi iyon mapipigilan.

94 At, oh, kapatid, kung may ganoong uri ng epekto ang radium sa atin, gaano pa kaya ang walang katapusan, Walang Hanggan, sobrenatural, makapangyarihan sa lahat, walang katapus-tapusan, Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Kinakailangang ganoon pa rin ang bisa Niya tulad noong nagpasimula Siya. Kinakailangang taglay Niya iyon hanggang wakas, kung hindi ay hindi Siya ang Makapangyarihan sa lahat, pinakamakapangyarihang Diyos. Naghihintay pa rin Siya para sa isang may malakas na pananampalataya, na hahakbang at hahamon sa kaaway sa batayan ng Kanyang Salita at magsasabing ganoon nga Ito.

95 At ngayo'y ano na ang nangyari, pagkasimulang-pagkasimula ng malawakang kampanya sa pagpapagaling? Pagkatapos ay libu-libong mga kawal, ng mga tao ng Diyos, na naroroon sa mga maliliit na iglesya, gaya ni Oral Roberts, Tommy Hicks, at marami sa iba pang tanyag na mga kalalakihan sa larangan, ay hinugot ang kanilang Tabak at humayo na sila. Ang Tabak na *ito* na humihiwa kapuwa sa paparito't paparoon, pataas at pababa, at papasok at palabas, "isang Kumikilala ng mga pag-iisip, maging sa utak ng buto." Hinugot nila ang kanilang mga Biblia, ang kanilang Tabak, at lumabas, noong makita nila na maaaring magawa iyon. At tinalo natin ang kalaban, sa biyaya ng Diyos, hanggang sa magkaroon ang buong mundo ng rebaybal ng kagalingan. Magagawa iyon. Ang mga mumunting pastor na may dos-por-kuwatrong mga iglesya, at iba pa, ay nag-alab at nakita ang pangitain, biglang hinugot ang Tabak at sumulong, at hinamon ang kalaban.

96 Papaano ninyong malalaman na mayroon nga? May mga tanyag na tao, sina Kongresista Upshaw, Haring George ng Inglatera, at marami pang ibang mga kilalang tao na nakaratay sa sakit at nagdadalamhati, ay gumaling sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Kaya wala na silang masasabing anuman tungkol dito ngayon. Nagawa na. Tunay nga! Siya ay . . .

97 Pagkatapos yumaon na si Elias. Matapos . . . Ang buong hangarin ng kanyang puso ay na makuha ang pangakong iyon. Ninais niya ang pangako. Iyon ang mga motibo niya. Iyon ang lahat-lahat sa kanya. Iyon ang buhay niya. Iyon ang pakay niya, lahat. Ang lahat, lahat ng bagay, ay nakasalalay sa pagkamit ng pangakong iyon.

98 Ako'y nahihikayat na maniwalang hindi tayo sinsero tungkol sa bagay na ito na pinag-uusapan natin. Kung ang kabuuang motibo ninyo, ngayong umaga, ay nakasandig sa, "Pinupuri ko ang Diyos para sa aking kagalingan. Determinado akong gumaling sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos. Determinado akong mamuhay ng isang Cristianong pamumuhay. Determinado akong lumakad na may kapayapaan sa Diyos. Determinado akong gawin iyon. Wala akong pakialam

anuman ang sabihin ni nanay, anuman ang sabihin ng iglesya, anuman ang sabihin ni pastor, anuman ang sabihin ninumang iba pa, anuman ang sabihin ng sanlibutan. Determinado ako. Doon nakatuon ang puso ko." May mararating kayo kung gayon.

99 Nang magkagayon, noong makita ni Elias na determinado siyang makuha iyon. Si Elias, nakita ni Elias na determinado si Eliseo, pinangakuan niya ito. Ngayon, ang pangako ay, "Kung makita mo ako pag-alis ko! Kung makita mo ako kapag paalis na ako!" Ngayon ay na kay Eliseo na iyon. Ninais niyang marinig ang pangako, kaya nakamtan niya ang pangako. Ngayo'y mayroong "kung" doon. "Kung makita mo ako kapag paalis na ako!"

100 Ngayon, kung may sakit kayo ngayong umaga, at nais ninyong gumaling, mapatutunayan ko sa inyo na ibinigay na sa inyo ni Cristo ang pangako. Sa inyo na ang pangako, "Kung makapananampalataya kayo! Kung makapananampalataya kayo!" Huwag kayong magpatalo.

101 Ngayo'y nakabalot si Eliseo sa balabal ni Elias, na propeta. Anong pagmamartsa ng isang mananagumpay! Gaanong siya'y lumakad, lumalakad patungong Langit, bilang isang mananagumpay! Narinig niya ang pangako. Naramdaman niya ang kapangyarihan. Lumalakad siyang gaya ng isang mandirigma, patungo mismo sa Jordan.

102 Sa Diyos ang papuri, kaibigan! Bawat mananampalataya, ngayong umaga, na nakabalabal sa katuwiran ni Cristo, ay lumalakad patungo sa daan ng Jordan. Tama 'yon.

103 Hayaang magsidating ang mga bomba atomika; hayaan siya, sa anumang paraan. Nakabalabal tayo at lumalakad, ang mananagumpay. Amen. Ako . . . "Huwag kayong matakot. Napagtagumpayan Ko na ang sanlibutan." Siyanga, po! Tandaan n'yo ang ano? "Napagtagumpayan Ko na ang sanlibutan." [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang dalawang beses—Pat.] Sinabi iyon ni Cristo. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang dalawang beses—Pat.]

104 Naglalakad si Elias na suot-suot ang isang ipinasang segunda-manong balabal, na tulad ng isang mananagumpay, nang tama, patungo sa Jordan.

105 Kapatid, hayaang sabihin ko ito bilang paggalang sa iyo. Huwag mong isusuot ang balabal ng sino pa mang iba na kinain na ng bukbok ng mga pag-aalinlangan, kung saan ang lahat nitong mga pagkatalo at mga pamahiin at mga pinagdaraanan sa buhay ay naglagay ng mga butas roon, at tumutulo na ang mga ito sa lahat ng dako. Isuot ninyo ang balabal ng Mananagumpay, si Cristo. Huwag kayong magtiwala sa inyong simbahan na minsang nagturo ng kaligtasan sa pamamagitan ng bautismo, ng Espiritu Santo, na minsang nagturo ng Makalangit na pagpapagaling at ngayo'y tinatanggihan na Ito, kinain nang

lahat ng mga bukbok ng pag-aalinlangan at lahat na ng iba pa. Isuot ang balabal Niya na hindi kailanman nagapi sa labanan, sapagkat nasa inyong landas na kayo patungong Jordan. Amen.

106 Ngayon, nakasuot siya ng ipinasang segunda-manong balabal, tama 'yun. At marami sa mga tao ngayong umaga ay nakasuot ng ipinasang segunda-manong mga balabal. Subalit pagkarating niya sa Jordan, napagtanto niya na 'yung balabal na mag-isa lang ay hindi magagawa ang gawain. Tama 'yon. At ang iglesya, ang Methodist, ang Baptist, ang Pentecostal, ang Presbyterian, "Oh, may mga paaralan kami! Sa . . . Naku, nasa amin nang lahat ang etika, ng Biblia, alam na alam na. Nasa amin nang lahat ang mga hinabing balabal siyanga, ang mga pangako. Nasa amin nang lahat. Oh, bautismado na kami, inilubog na. At lubos kaming nakaayon sa mga apostol. May pananampalataya kaming nakaayon sa mga apostol. Naniniwala kami sa Makalangit na pagpapagaling. Sumasampalataya kami sa Diyos. Sumasampalataya kami sa mga Kapangyarihan ng Diyos. Nabautismuhan kami, sa Biblia, sa paraan na sinabi ng Biblia. Natanggap na namin ang Banal na Espiritu. Nakapagsalita na kami sa iba't ibang wika. Ginagawa namin ang lahat ng mga iyon." Subalit, kapatid, kung 'yun lang ang tanging bagay na kailangan ninyo, malalaman n'yo ang inyong kakulangan, din naman, pagdating ninyo sa Jordan.

107 Oh, maaaring naturuan nga kayo. Maaaring magagaling kayo. Maaaring may D.D. kayo, Doktor ng Dibinidad. Maaaring may Ph.D. man kayo, isang Doktor ng Pilosopiya. Maaaring taglay ninyong lahat iyon, at may pagpapala kayo. Maaaring nasa inyo na ang lahat ng uri ng mga titulo. Maaaring nakasuot sa inyo ang balabal ng iglesyang Methodist. Maaaring nakasuot sa inyo ang balabal ng iglesyang Pentecostal. Maaaring suot ninyo ang balabal ng Assemblies, o ng Oneness, o ng mga Trinitarian, o maaaring anuman iyon. Ipinasang segunda-manong balabal lang iyon, simula't simula pa lang, tama 'yon, ng kung anong gawang-tao na mga dogma, na gawa-gawa lang ng isipan, at kung ano pang gaya nun; at kahit na Cristiano na kayo, at Cristiano na ang iglesya, at nadaramtan na ng tama.

108 Ngunit nang si Elias, sa pagtayo, ay kitang-kita, sa buong pampang na punong-puno ng nakahilerang mga propeta at mga kritiko, na tinitingnan kung ano ang gagawin niya. At heto na siyang dumarating, naglalakad na suot ang balabal ni Elias. Oh, naku! Hallelujah! Inaralan siya, sa ibang paraan. Inaralan siya. Nakapasakop siya. Nananampalataya siya. Walang anumang kamalian sa kanya. Papunta na siya ng Jordan. Siya ay pinagmamasdan ng buong mundo.

109 O Diyos, kailangang-kailangan namin iyan ngayon! Sa dami ng mga nakapag-aral at edukadong mga iskolar; sa dami ng mga kalalakihan na kayang himay-himayin ang Biblia na iyan at mapagsasama-sama Ito, sa matematika; sa dami ng

mga kalalakihan na makagagawa ng mga dakilang bagay sa pamamaraan ng pagtuturo; na alam ang kasaysayan ng Biblia hanggang sa pinaka sandali, na makapagsasabi sa iyo ng oras na nasindihan ang kandila, at ang oras na namatay iyon. Masasabi nila sa iyo ang lahat ng mga bagay na ito. At sila'y . . . Nabautismuhan na sila sa tubig. Nabautismuhan na sila sa espirituwal na bautismo, gaya ng tawag nila dito, ang balabal. Sadyang nasa kanila na ang lahat ng kaayusan.

110 Gayundin si Elias. Subalit pagdating niya sa Jordan, upang kaharapin ang mapagpunang sanlibutan, ano ang isinigaw niya? "Saan naroon ang Diyos ni Elias?" Hindi ang balabal noon ni Elias ang may gawa niyon. Iyon ang Kapangyarihan ng Diyos ni Elias, ang may gawa niyon.

111 At ang bagay na kailangan ng sanlibutan ngayong umaga ay ang Kapangyarihan ng Diyos ni Elias. Maaaring nakapagsalita ka na sa iba't ibang wika at humiyaw, at tumakbo-takbo. Subalit ang kailangan natin ay ang Kapangyarihan ng Diyos ng Pentecostes, upang maipamunga ang mga buhay at mga bagay na ipinamuhay noong araw na iyon, sa maka-apostolikong kapangyarihan.

112 Mainam ang isang ipinasang segunda-manong balabal, subalit kinailangan niya ng isang bagong pagtawag sa kanyang puso mula sa Diyos. Kinailangan niya ng isang bagong pagpapahid mula sa Diyos. Suot niya ang isang ipinasang segunda-manong balabal noong dumating siya sa ilog, subalit kinailangan niya ng isang bagung-bago na unang hawak-kamay na pagkatawag mula sa Diyos, isang unang hawak-kamay na Kapangyarihan mula sa Diyos, upang magsagawa ng himala.

113 At, kapatid ko, huwag kang matakot na humiling sa Diyos ng anuman. Kinakailangan mong humingi sa Diyos, o humiling sa Diyos, para sa anuman na ipinangako Niya. Sapagkat, kung ipinakikilala ko ang isang Diyos na pinakamalakas at pinakamakapangyarihan, at kung isang lingkod ako ng Diyos, kinakailangan kong gawin ang mga gawa ng Diyos. At kung ginagawa ko ang gawa ng Diyos, dapat akong humingi sa Diyos na papangyarihin ang mga bagay na ito, dahil hinihingi Niya sa akin na ipamalas ang imposible. Kinakailangan kong humiling sa Kanya. Kinakailangan kong tumawag sa Kanya, at tumayo roon at sabihin, "Diyos, ipinangako Mo iyon." Gayundin naman kayo, bawat tao.

114 "Tatanggapin ninyo ang kapangyarihan," Mga Gawa 1:8, "pagdating sa inyo ng Espiritu Santo." Pagdating sa inyo ng Espiritu Santo! Pagkadamit sa inyo bilang isang Cristiano, pagka nailagak na ang inyong pananampalataya kay Cristo, saka kayo tatanggap ng kapangyarihan. Hayan nga. Oo.

115 At, kapatid na lalaki, kapatid na babae, bawat isa sa inyo, ngayong umaga, hayaang sabihin ko ito bago ipanalangin ang

mga maysakit! Hayaang sabihin ko ito! Sa tulong ng Diyos, ipanalangin ninyo ako. Kung paanong tumayo ako, sampung taon na ang nakararaan, sa entabladong ito, sa pangangaral tungkol kina David at Goliath. Ngayon, hindi isang Goliath ang humadlang sa akin. Pinatay na siya ng Diyos sa harap ko. Subalit ang bagay na humadlang sa akin, ay isang kawalan ng pananampalataya, ang kawalan ng isang bagay na alam kong nariririyan lang.

116 At sa umagang ito, sa harapan ng munting tabernakulong ito muli, ay sumisigaw ako: saan naroon ang Diyos na nangako nito? Saan naroon ang Diyos na kumatagpo sa akin sa pamamagitan nito, doon? Pumarito Ka po, Diyos, at pagkalooban ako ng isang tapang. Pagkalooban Mo ako ng isang lakas. Pagkalooban Mo ako ng isang determinadong pag-iisip, kahit anuman ang darating at lilisan. Maging ito man ay para bang madilim, o maging ito man ay parang. . .Ano pa man ang anyo nito, ang magpatuloy lang. Totoo ang pangako.

117 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, isa sa mga araw na ito, sa inyo na mga kaibigang makasalanan na naririto ngayong umaga, at sa inyo na mga taong sinisikap na gayahin ang pagka-Cristiano. Maaaring kabilang kayo sa iglesya. Napakainam nun. Wala akong masasabing laban diyan. Wala akong anumang laban sa inyong mainam na natutunang edukasyon, o laban sa inyong teolohiya. Wala akong laban diyan. Ngunit, oh, saan naroon ang Diyos?

118 Hindi si Elias, ano pa man. Hindi si Elias ang nagbukas ng ilog na iyon. Hindi ang balabal niya. Kinuha iyon ni Eliseo sa kanyang balikat. Itinupi niya iyon sa kung paanong paraan iyon itinupi ni Elias. Subalit noong simulan niyang subukang iwagayway iyon, walang Kapangyarihan doon. Saka siya sumigaw, nalalaman na nasa kung saan mang dako ang Diyos, "Saan naroon ang Diyos na iyon? Saan Siya naroroon?" Pagkatapos ay may isang bagay marahil na tumimo sa propeta, sapagkat iwinagayway niya ang balabal na iyon at hinampas ang tubig, at bumukas ito rito hanggang doon. At sa harapan ng mga mangangaral noong panahong iyon, sa harapan ng mga kritiko noong panahong iyon, ay lumakad siya patawid ng Jordan, katulad lamang ng ginawa ni Elias na nauna sa kanya.

119 Hindi natin kailangan ng mga turo; mayroon na tayo niyon. Kundi kailangan natin ang Diyos ni Elias. Kailangan natin ang Kapangyarihan ng Diyos ni Elias, pabalik sa ating iglesya. Ang kapangyarihan upang makapanghawakan ito roon, at tawagin ang Salita ng Diyos na, "Tama," kahit ano pa.

120 At tayo'y, bawat isa na naririto ngayong umaga, bilang mga tao, ay nasa ating daan patungong Jordan. "At pagdating niya sa Jordan." Hahantong kayo roon, isa sa mga umagang ito o isa sa mga gabing ito.

121 Pagdating niya sa Jordan, naglalakad siya bilang isang mananagumpay. Subalit, noong pagdating niya sa Jordan, iyon ang kaibhan. Nakasuot siya ng ipinasang segunda-manong balabal. May ibang lalaki nang nagsuot nito. Subalit iyon ay isang mabuting balabal, at alam niya kung anong klaseng tao ang nagsuot ng balabal na iyon.

122 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, isa sa mga umagang ito, kinakailangan ko nang pumaroon sa Jordan.

123 Iniisip ko. Mamayang hapon, pupunta tayo kina Kapatid na lalaki at Kapatid na babaeng Wright. Huwag ninyo silang kalilimutan. Ito ang gintong anibersaryo ng kanilang kasal. Sa palagay ko, ang iglesya, sila'y magkakaroon ng isang—isang hapunan kasalo nila. Iniisip ko, noong isang araw: limampung taon na! At nakikita ko sila pareho, matatanda na at mahihina na. Naisip ko, "Oo, ako'y apatnapu't pitong taong gulang na." Kakakasal pa lang nila noon ng tatlong taon bago ako naipanganak.

124 Apatnapu't pito! Papunta na ako ng Jordan. Kinakailangan kong pumaroon. Kinakailangan kong makarating doon. Makakarating ako roon. Maaaring isang aksidente iyon sa daan. Maaari akong bumagsak mula sa ere, sa isang eroplano. Maaaring mabaril ako, ng isang palaso ng diablo sa kung saan man, at mamatay. Hindi ko alam kung paano ako lilisan. Subalit, may isang bagay na alam ko, papunta na ako, at naglalakad na ako patungong Jordan.

125 Subalit pagdating ko roon, nais kong malaman ang isang bagay, na may suot akong ipinasang segunda-manong balabal, din naman. Hindi ko pinagtitiwalaan ang sa akin, dahil wala itong bisa. Sapagkat, pagkapulot ni Elias sa balabal ni Eliseo, pinagpunit-punit niya ang sa kanya at itinapon iyon. At ganun noong masumpungan ko si Cristo. Pinagpunit-punit ko ang sarili ko mismo, ang sarili kong mga kaisipan, ang sarili kong mga kawalang-kuwenta, ang walang-halaga kong bagay. Inakala ko, noong ako'y munti pang, isang mangangaral ng Baptist, ako lamang noon ay mga kasing. . .kilala na ako. Subalit pinunit ko iyon; isinuot ko ang Kanyang balabal. At pagdating ko sa Jordan, gusto kong masumpungan ang sarili ko na nakabalot sa Kanyang balabal. Susundan Niya iyon. At makakarating tayo roon isang araw.

Subalit manalangin tayo sa ilang saglit lamang.

126 Amang Makalangit, habang kami'y nagmamartsa patungong Jordan ngayong umaga, bilang mga mananagumpay, at balang araw, kinakailangang may maipakita kaming isang bagay sa Jordan, 'yun ay, sa kamatayan. At, oh, magiging napakakahindik-hindik na bagay iyon, isang pagkahiwalay sa Diyos. Hindi kami makatatawid. Hindi. Ngunit, si Elias, noong makarating siya roon, nakasuot sa kanya ang balabal ni

Eliseo . . . balabal ni Elias. At noong hubarin niya ang balabal . . . ng Elias, ang taong naging kalugod-lugod sa Iyong paningin, at tinanggap Mo siya at dinala siya riyan sa Langit kasama Mo. At suot-suot ni Eliseo ang kanyang balabal, kaya ipinakita niya sa Jordan, sa kamatayan, ang balabal ni Elias. At tinanggap iyon, at bumukas ang Jordan, at lumakad siya patawid.

127 Minamahal na Diyos, balang araw, kinakailangan naming pumaroon. Hindi namin maaaring ipakita ang mabubuti naming gawa; wala kami. Hindi namin maaaring ipakita ang anumang bagay sa sanlibutan. Ni hindi ako nagnanasa ng anuman, upang sikaping ipakita, subalit lubos akong nagtitiwala sa mga ginawa ni Jesus. Tinanggap Mo Siya, at ibinangon Siya mula sa mga patay, at Siya ay dinala sa Presensiya ng Diyos at doo'y mananahan magpakailan pa man. At, Diyos, nais kong ipakita iyon sa Iyo, na sumasampalataya po ako sa Kanya, at mahal ko Siya. At, sa Kanyang biyaya, ay dinamtan Niya kami ng Kanyang balabal. At dalangin ko, Ama, na tutulungan Mo po kami ngayon sa mga araw ng pakikipagbaka. At kung saan kinakailangang gawin ng mga tao ng Diyos ang mga gawa ng Diyos, dalangin ko na pahihintulutan Mo kaming dalhin ang balabal ni Cristo, ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo, at tumawag sa Diyos na nananahan sa Kanya. Ipagkaloob Mo po ito. Sa Pangalan ni Cristo ay hinihiling namin ito.

128 At habang nakayukod ang ating mga ulo. Iniisip ko lang, dito ngayong umaga, kung may isang tao na nagsisikap na lumakad patungong Jordan, na hindi suot ang balabal na ito. Kung may isa mang tao na hindi nakasuot ng balabal ni Jesus Cristo sa iyo, at bagama't isinuot na iyon minsan ng Anak ng Diyos. Iniisip ko, kung hindi mo suot iyon ngayong umaga, kung itataas mo ang iyong mga kamay sa Diyos at sasabihin, "Mahal na Diyos, sa oras na ito, gusto ko na ito ngayong tanggapin."

129 Pagpalain ka ng Diyos, binibini. May isa pa ba, na magtataas ng iyong kamay? Pagpalain ka ng Diyos, anak na lalaki. May iba pa ba, na sadyang magtataas ng iyong kamay? Pagpalain ka ng Diyos, munting batang lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki. May iba pa bang magtataas ng kanilang kamay? Pagpalain ka ng Diyos, diyan sa likod, ginoo.

130 Sabihin mo lang ito, "Sa tulong ng Diyos, ngayong umaga, nais kong talikuran ang sarili kong katuwiran, ang sarili kong mga ideya, at ang aking mga pag-iisip ng kalayawan at karangyaan, at ang kasalanan na kinabuhayan ko. At nais kong ipasuot ni Cristo ang Kanyang balabal sa akin, ngayong umaga, upang gamitin ko ang Kanyang balabal. Alam kong Ito ay isang perpekto." Pagpalain ka ng Diyos, anak na lalaki. May iba pa bang magsasabi, "At akin lamang itataas . . . "

131 Itaas mo ang iyong kamay, sabihin, "Nais ko ngayong tanggapin ang Espiritu Santo sa buhay ko. Nais kong maramtan

sa Kanyang katuwiran. Paghantong ko roon sa araw na iyon, hindi ko ihaharap ang sarili ko at sasabihin, 'Buweno, ngayon, alam Mo pong binilhan ko ang isa ng ilang uling. Ginawa ko ang ganito.'" Mainam iyon, napakainam niyon, subalit iyon. . . May isang Bagay na kinailangang mamatay, upang ikaw ay mabuhay, at sa pamamagitan lamang ng paggawa ng gayon maliligtas ka. Maaari mo bang itaas ang iyong kamay? Sabihin, "Cristo, tinatalikuran ko na ngayon ang sarili kong pamamaraan. Tinatanggap ko ang Iyong pamamaraan. Nais kong mahabag Ka sa akin paghantong ko sa dulo ng landas?" Sige. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos. Sige.

Ngayon ay magkakaroon tayo ng pananalangin.

132 Ngayon, Matuwid, na Amang Makalangit, may ilang pito, walo, sampung kamay ang nagtaas. Hindi ko alam ang kanilang kalagayan. Alam Mo pong lahat ang tungkol sa kanila. Hindi ko alam. Subalit nangangailangan sila ngayon. At alam nilang nangangailangan sila, at nakahanda silang lumapit at tumanggap ng tulong sa panahon ng kahirapan; ang makita na, ang matinding oras na malapit na ngayon, ang mga bomba atomika, ang dakilang mga bagay na naghihintay para sa amin.

133 At dalangin ko, Amang Makalangit, na Iyong pagpapalain ang mga taong ito, at sa araw na ito ay Iyo pong ipatong ang Iyong kamay sa kanila at alisin ang lahat ng kanilang kasamaan at pag-aalinlangan. At itapon na nawa nila ang kanilang lumang kinain-na-ng-bukbok na balabal ng sariling katuwiran, kung saan ang mga uod ng ganggrena at mga kuliglig, at ang mga bukbok ng mga pamahiin at pagkamaka-iglesya, ay pinagbubutas na ito, at (sila) ito'y hindi na makatatagal pa. Kanila nawang itapon na lang ito, at abutin at kunin ang balabal ng Panginoong Jesus. Sabihing, "Nagtitiwala ako sa Kanya. Binabalot ko ang aking sarili, hindi sa aking katuwiran, ni sa sarili ko mang mga pag-iisip. Kundi, mula sa oras na ito, ay nagtitiwala na ako sa Iyo." Ipagkaloob Mo po na matanggap nila ito, Ama, sapagkat amin itong hinihiling sa Pangalan ni Cristo. Amen.

*ISANG IPINASANG SEGUNDA-MANONG BALABAL* TAG56-1125M
(A Secondhanded Robe)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Nobyembre 25, 1956 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2015 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org